

Pag-abiso at Pagtuturo sa mga Kontak na may Naka- ugnayang may Tuberkulosis

菲律賓

Mga Mahal na Ginoo:

Kung ikaw (o ang iyong anak) ay nalantad sa tuberkulosis ayon sa mga resulta ng pagsisiyasat ng epidemya, dapat kang makipagtulungan sa mga yunit ng kalusugan upang isagawa ang mga kaugnay na follow-up na inspeksyon para sa iyong kalusugan alinsunod sa Artikulo 48 ng "Infectious Disease Prevention and Control Law".

I. Paraan ng inspeksyon:

- (I) Lahat ng nakasalamuha ay sumailalim sa chest X-ray examination.
- (II) Ang mga kailangang suriin para sa paggamot ng latent tuberculosis infection ay dapat magpasuri para sa latent tuberculosis infection.

II. Edukasyon sa kalusugan ng tuberkulosis at mga kaugnay na pagsusuri:

(I) Tuberculosis Health Education:

Ang tuberkulosis ay isang sakit na dulot ng air-borne infection. Hindi halata ang mga unang mga sintomas. Kabilang sa mga karaniwang sintomas ang ubo (lalo na kung lagpas na ng 2 linggo), lagnat, kawalan ng gana sa pagkain, pagbaba ng timbang, pagkapagod, pagpapawis sa gabi, pananakit ng dibdib at iba pang sintomas. Ang ilang mga kaso ay natuklasan lamang pagkatapos sumailalim sa isang pagsusuri sa kalusugan, at maraming mga kaso ang itinuring bilang ordinaryong trangkaso sa paunang yugto. Kadalasan, ang mga nahawaang tao ay magkasama sa tirahan o malapit na nakikipag-ugnayan sa nakakahawang kaso.

May humigit-kumulang na 10% na posibilidad na magkaroon uli ng sakit sa buong buhay matapos mahawaan ng tuberkulosis ang isang tao. Mas malaki ang posibilidad na magkaroon ng sakit kung mas malapit ang panahon ng impeksyon. Kapag nahawahan sa batang edad, mas mataas sa 10% ang panganib na magkasakit at mayroong posibilidad na magkasakit sa buong buhay. Kung ikaw ay may ubong higit sa 2 linggo, inirerekumenda na kumunsulta agad sa isang espesyalista sa lalong madaling panahon, at ipaalam sa doktor na ikaw ay naging kontak ng isang pasyente ng tuberkulosis upang mabigyan ang doktor ng kumpletong impormasyon sa pagsusuri at paggamot.

(II) Pagsusuri sa X-ray ng dibdib: Suriin kung may tuberkulosis.

※Petsa ng unang beses ng pagsusuri sa X-ray ng dibdib:

____(taon)/____(buwan)/____(araw).

※Petsa ng pagsusuri sa X-ray ng dibdib pagkalipas ng 12 na buwan:

____(taon)/____(buwan) (Mag-aabiso ng eksaktong petsa).

(III) Pagsusuri ng nakatagong impeksyon sa tuberkulosis:

Suriin kung may impeksyon sa tuberkulosis. Ang mga kontak na wala pang 2 taon gulang ay dapat sumailalim sa isang tuberculin test. Ang mga kontak mula 2 taon gulang at pataas ay dapat sumailalim sa interferon-gamma release test (IGRA). Ang mga kontak na may edad na 2 at pataas hanggang 5 na hindi makunan ng dugo ay dapat magpa-tuberculin test upang magkaroon ang mga doktor ng batayan sa pagsangguni para sa komprehensibong paggamot ng nakatagong impeksyon sa tuberkulosis.

Ang mga taong may nakatagong impeksyon sa tuberkulosis ay hindi nakakahawa at hindi kailangang mag-panic. Hangga't sila ay nakikipagtulungan sa inspeksyon at paggamot, maaari silang makakuha ng higit sa 90% na proteksyon at maiwasan ang pagsimula ng tuberkulosis.

A. Pagsusuri sa Tuberculin:

Isasagawa ang pagsusuri sa may kaliwang bisig. Pagkatapos nito, itatala ng isang propesyonal ang reaksyon para sa iyo (o sa iyong anak) sa loob ng 48 hanggang 72 oras. Maliit na karayom lamang ang gagamitin para sa iniksyon. Walang dressing o gauze na kakailanganin, at maaaring isagawa ang mga normal na aktibidad pagkatapos ng iniksyon. Ang ibang tao ay nagkakaroon ng bahagyang pamumula o mga ulser sa lugar ng iniksyon. Ito ay isang immune response at kadalasan ay hindi nangangailangan ng paggamot, basta't ito ay panatilihing malinis at tuyo.

※Petsa ng Tuberculin Test: ____ (taon) / ____ (buwan) / ____ (araw) at ang interpretasyon ng resulta ay sa ____ (taon) / ____ (buwan) / ____ (araw).

Paalala: _____

B. Interferon Gamma Release Assay (IGRA): Kukuha ang mga medikal na tauhan ng humigit-kumulang 4cc na dugo.

※Petsa ng pagkuha ng dugo para sa pagsusuri ng IGRA: ____ (taon) / ____ (buwan) / ____ (araw).

Paalala: _____

III. Pag follow-up:

- (I) Sa loob ng darating na 1 taon, mangyaring magsagawa ng mga kinakailangang pagsusuri sa X-ray sa dibdib ayon sa oras na itinakda ng yunit ng kalusugan, at ipagpatuloy ang pagsasagawa ng "self-health monitoring". Kung hindi normal ang pagsusuri sa chest X-ray at kung mayroong hinalang sakit, ang doktor ay magsasaayos ng karagdagang sputum bacteriological examination at magbibigay ng mga follow-up na serbisyo sa paggamot.
- (II) Ang mga nasuri na positibo para sa nakatagong impeksyon sa tuberkulosis ay ire-refer para sa pagsusuri ng paggamot ng nakatagong impeksyon sa tuberkulosis:
 - A. Ire-refer ka (o ang iyong anak) ng kawani ng pampublikong kalusugan sa isang propesyonal na manggagamot upang suriin kung aling reseta ang nababagay sa iyo para sa paggamot ng nakatagong impeksyon sa tuberkulosis.
 - B. Ang doktor ay magsasagawa ng mga nauugnay na pisikal na eksaminasyon para sa iyo (o sa iyong anak), at batay sa sitwasyon ng index ng case strain sa paglaban sa droga o ang mga resulta ng latent tuberculosis infection test o chest X-ray examination. Ito ay bibigyan ng komprehensibong matukoy kung aling uri ng paggamot sa nakatagong impeksyon sa tuberkulosis ang pinakaangkop para sa taong nahawahan.
 - C. Para sa mga nangangailangan ng paggamot pagkatapos ng pagsusuri ng doktor, ang yunit ng kalusugan ay makikipagtulungan sa iyo (o ng iyong anak) sa oras ng trabaho at pahinga, at ang taga-alaga ay tutulong sa pagbibigay ng lahat ng paggamot upang hindi makalimutang uminom ng gamot, at nang magkaroon ng ligtas na paraan ng paggagamot upang ang paggamot sa nakatagong impeksyon sa tuberkulosis ay magdulot ng pinakamalaking benepisyo; ang mga hindi pa nagamot o hindi makumpleto ang paggamot ng inirerekomenda, mangyaring dagdagan ang pagsusubaybay ng mga sintomas sa sarili, at makipag-ugnayan sa yunit ng kalusugan upang ayusin ang pagsusuri sa chest X-ray sa ika-12 buwan (para sa mga may maraming indicator ng paglaban sa droga, ang chest x-ray ay kailangang gawin bawat 6 na buwan at subaybayan ng 2 taon.

IV. Mga regulasyon:

Ayon sa Artikulo 48 Paragraph 1 ng Batas sa Pag-iwas at Pagkontrol ng mga Nakakahawang Sakit, ang karampatang awtoridad ay maaaring magpakulong sa mga taong nakipag-ugnayan sa mga pasyenteng may nakakahawang sakit o pinaghihinalaang nahawaan; kung kinakailangan, maaari rin silang mag-utos na lumipat sa mga itinalagang lugar para sa inspeksyon, pagpatupad ng mga kinakailangang hakbang tulad ng pagbabakuna, pangangasiwa ng gamot, para sa pagkontrol o paghihiwalay. Ang mga lalabag ay pagmumultahin mula NT\$60,000 hanggang NT\$300,000. Upang maprotektahan ang sarili mong kalusugan (o ang iyong mga anak), mangyaring makipagtulungan sa lokal na awtoridad sa kalusugan upang magsagawa ng mga contact tracing.

V. Impormasyon sa pakikipag-ugnayan:

Ang paunawa sa inspeksyon na ito ay ipinaliwanag sa iyo ng tagapangasiwa ng sentrong pangkalusugan (o kawanihan). Kung mayroon ka pa ring anumang mga katanungan tungkol sa inspeksyon sa pakikipag-ugnayan at iba pang mga bagay, mangyaring tumawag sa: _____ at makipag-ugnayan sa sentrong pangkalusugan, at ipapaliwanag sa iyo ng kawani sa lalong madaling panahon. Bilang karagdagan, kung makaranas ka ng anumang mga problema o hindi patas na pagtrato sa panahon ng inspeksyon, mangyaring makipag-ugnayan sa sentro ng kalusugan.



Ang Taiwan Centers for Disease Control ay nagmamalasakit sa iyong kalusugan

Acknowledgement receipt ng paunawa sa inspeksyon ng contact sa tuberkulosis

Lagda ng Pasyente _____ Nabasa nang husto ang paunawang ito

Lagda ng Ligal na Kinatawan _____ (___ Taon at ___ klase kung ang kontak ay isang mag-aaral)